



BONIFACIO: ANG UNANG PANGULO
Isang Study Guide Para sa Pelikula¹

Michael Charleston "Xiao" Briones Chua
Pamantasang De La Salle Maynila
Kasamang may-akda, aklat na *Bonifacio: Ang Unang Pangulo*

I. Mga Matatandang Pananaw

Bagama't mayroon nang mga pagbabago sa ilang mga teksubuk ukol sa pagkukuwento ng buhay ni Andres Bonifacio, mayroon pa ring ilang mga lumang impormasyon ang kumakalat sa paaralan ukol sa buhay ni Andres Bonifacio. Tila may izkitzoprenya ang ilang mga guro at intelektuwal ukol sa kanya. Na bagama't hindi nila kinukuwestiyon ang kanyang kabayanihan at pagmamahal sa bayan bilang Ama ng Katipunan at Unang Naggalaw ng Paghihimagsik, sa kabilang banda, mayroon ding pagmamaliit sa kanyang pagkatao at sa kanyang kakayahan bilang pinuno. Mayroon ding mga nagtuturo batay sa lumang pananaw na si Bonifacio ay nararapat patayin ng mga tauhan ni Heneral Emilio Aguinaldo sapagkat nakakagulo lamang sa himagsikan at nagtaksil sa bagong pamunuan nito. Sa pagkabigla ng marami sa kung paano tinrato at pinatay ang magkapatid na Bonifacio sa pelikula, makikita rin na salat ang kaalam ng mga tao sa kasaysayan ng tunggalian sa himagsikan na nangyari. Sa kabila ng itinuturing si Andres Bonifacio na pangunahing bayani ng bansa, isang edukado ng mataas na pinag-aralan na nagtuturo sa isang sikat na pamantasan, nang marinig ang petisyon ukol sa pagkaunang pangulo ni Bonifacio ay nagsabing, "Hindi ba palpak naman yun!"

¹ O 'di kaya'y "Kung Paano Nililina ng Pelikulang *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* ang mga Itinuturong Kasaysayan sa Paaralan: Isang Gabay sa mga Guro at mga Mag-aaral." Ang *study guide* na ito ay personal kong insiyatibo at walang kinalaman ang mga prodyuser ng pelikula.

Hindi sila masisisi sa kanilang pananaw. Bata pa lamang ako, isang guro ko na ang nagturo sa akin na lahat ng labanan na pinamunuan ni Bonifacio ay talo, walang nanalo. Ito talaga ang naging mga standard na *stereotypes* ukol sa kanya sa paaralan:

- Sobrang dukha
- Walang pinag-aralan at kakayahan
- Walang alam sa taktikang militar
- Mapusok, at padalos-dalos, maramdamin, hindi nag-iisip
- Madaling mag-init ang ulo
- Tinawag na sariling hari
- Limitado ang pananaw sa pagkabansa
- BOBO

Hindi ako ang konsultant ng pelikula kung hindi ang mentor kong si Dr. Milagros Guerrero na eksperto sa buhay ni Bonifacio. Ngunit sa aking karanasan bilang guro at historyador na nagtuturo ukol sa himagsikan at bilang naging konsultant na rin ako sa iba pang palabas na pangkasaysayan, na nagkataon rin na koordineytor ng petisyong “Bonifacio: Unang Pangulo” at isa sa awtor ng aklat na may kinalaman sa pelikula, aking nililista ang ilang mga paglilinaw na ginagawa ng pelikula ukol sa mga angas-angasan ukol kay Bonifacio at sa Katipunan.

II. Mahirap daw at walang pinag-aralan at kakayahan

Kahit sa mga simpatetikong mga akda ukol kay Bonifacio tulad ng *Revolt of the Masses*, ipinapakita na laging mahirap si Bonifacio. The Great Plebeian—ang dakilang dukha ang ating pagkakilala sa kanya. Walang masama ditto ngunit para sa mga ilan, nagagamit nila ito upang butasan si Bonifacio na hindi naman nararapat na pamunuan ang isang himagsikan.

Ngunit sa Bonifacio sa pelikula ay ipinakita na bagama’t isang *working class* ay nakatira sa isang desenteng bahay kasama ng kanyang mga kapatid at disente rin ang kasuotan. Ito ay sapagkat hindi ganoong kadukha si Bonifacio bagama’t siya ay indio at lumaki sa Tondo. Iba pa ang Tondo noon. Gayundin, ang ina niya ay mestisang Espanyol ibig sabihin may dugong Espanyol talaga si Bonifacio. Gayundin, nakapag-aral si Bonifacio noong bata pa sa isang gurong Cebuano na nagngangalang Guillermo Osmeña. Hindi lamang siya nakapagtapos sapagkat siya ay naulilang lubos at kinailangang alagaan ang lima pang ibang mga kapatid. Sa kabila nito, nakapagtrabaho sa dalawang pagdaigdigang mga kumpanya bilang *clerk-messenger* o nagmamando ng mga *stocks* sa bodega (bodegero), ang isa ay Ingles (Fleming and Co.) paglaon lumipat doon sa Aleman (Fressel and Co.). Nakapagbasa sa Wikang Espanyol ng mga akdang tulad ng *Ruinas de Palmyra*, *Les Misérables*, *Kasaysayan ng Himagsikang Pranses*, *Mga Buhay ng mga Pangulo ng Estados Unidos*, mga akda ni Alexandre Dumas, ang Biblia, mga akda ukol sa batas at medisina, *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Gat Dr. Jose Rizal. Mga aklat na nakumpiska sa kanyang opisina sa Fressel nang siya ay pinaghahanap na ng awtoridad.


Gayundin, maituturing siyang isang *entrepreneur* sapagkat ang kanilang gawaing magkakapatid na gumawa at magbenta ng baston at abaniko upang mabuhay matapos na mamatay ng kanilang mga magulang ay patuloy niyang ginawang raket hanggang 1896.

Aktor din siya sa teatro, at sa pelikula ipinakita ang isang eksena nang matalino niyang paggamit sa kanyang paboritong papel na gampanan—ang Bernardo Carpio. Si Bernardo Carpio ay isang bayani sa

kwentong bayan at pinaniniwalaang iginapos ng mga masasamang puwersa sa mga bundok sa Montalban at kung lumaya na ay palalayain niya ang mga Anak ng Bayan. Pinakita sa pelikula ang paggamit ng kwentong bayan sa pag-aakit ng miyembro. Ang eksena sa Tapusi, ang aking isa sa pinakapaborito sapagkat makasaysayan ang paglalakbay ni Bonifacio ng Biyernes Santo 1895 sa lugar ng kambal na bundok sa Montalban, sapagkat nagpapakita ito na tulad ni Kristo handa naming isakripisyo an gaming buhay. Gayundin, pagbibigay pugay nila ito kay Bernardo Carpio. Kami si Bernardo Carpio, ang Katipunan ang magliligtas sa Katagalugan, kailangang iwaksi ang takot. At kanilang isinulat sa uling mga pader ng mga kweba doon “Naparito ang mga Anak ng Bayan, Hinahanap ang Kalayaan. Mabuhay ang Kalayaan!”

Mapanganib ang ating tatahakin pero hindi dapat
tayo matakot kahit sa kamatayan. Isipin natin na
tayo'y **malakas, matibay, at makapangyarihan.**

#TayoAng**Katipunan**



Dito makikitang malayo sa pagiging bobo ang pangulo ng Katipunan. Gumagamit siya ng mga konseptong nasa kultura na ng Pilipino.

III. Wala raw alam sa taktikang militar at lahat ng labanan ay natalo

Maraming nagsasabi na mali ang pelikula, bakit raw nanalo ang labanan sa *El Polvorin* sa San Juan o ang Pinaglabanan e naituro sa kanila na lahat ng laban na pinamumuan ni Bonifacio ay talo. Kailangang linawin ito.

May mga pag-aaral na isinagawa si Dr. Zeus Salazar na nagsasabi na bago pa man ang himagsikan, sa iba't ibang lugar—Balara at Masuyod sa Marikina, Cacarong de Sile, Puray, Kamansi, Minuyan, Makiling, Banahaw, at sa mga kabundukan ng Tayabas, Morong, Bulacan, Pampanga at Nueva Ecija, pumili na si Andres Bonifacio at ang kanyang mga tauhan ng mga tinatawag niyang *reales*. Pagbabalik ito sa mga sinaunang mga “ilihan” kung saan ang mga ninuno natin ay naghahanda ng mga matataas na lugar tulad ng mga bundok at kweba upang sa panahon na paglusob ng kalaban o ng sakuna ang bayan ay tutungo doon.

Ang mga *reales* ang mga naging atrasan ng mga Katipon matapos ang mga labanan sa iba't ibang lalawigan.

Ang mga unang sagupaan ng mga Katipon laban sa mga Espanyol nagwagi ang mga Katipon. Sa sagupaan na pinamunuan mismo ni Andres Bonifacio ang mga Katipon, nanalo sila noong 25 Agosto 1896 laban sa mga tauhan ni Teniente Ros sa Pasong Tamo. At nagwagi din ang kanyang mga tauhan noong 26 Agosto 1896 sa Caloocan at Malabon.

Sa Labanan sa Pinaglabanan na pinlano pa ni Bonifacio at ng Kataastaasang Kapisanan na ganapin sa hatinggabi at madaling araw ng 30 Agosto 1896, noong una ay napagtagumpayan naman talaga ng Katipunan. Subalit ilang oras lamang ang lilipas sa kanilang pagtungo sa El Deposito ay matatalo sila ng pinag-ibayong lakas ng mga puwersang Espanyol noong araw na iyon. Sa kabila ng napakaraming nasawi, hindi malipol ang Katipunan.

Sa kabila ng napag-usapan na sabay-sabay na pagsalakay sa gabing iyon, hindi sumalakay ang Hukuman (chapter) ng Cavite.

Sa eksena sa pelikula ng Tejeros Convention, ipinakita ang katotohanan na noon pa man ipinaratang na kay Bonifacio sa Cavite na wala siyang nanalong laban at wala siyang kakayahang militar kumpara kay Emilio Aguinaldo na laging nananalo noon sa mga labanan niya sa Cavite. Pero bagama't wala sa mga dokumento na sinabi nila ito sa kumbensyon, sumagot ang tauhan ni Bonifacio na dahil sila ang nasa Maynila, mas nahirapan sila sa mga puwersang Espanyol na mas marami kaysa sa mga sundalong Espanyol na nasa Cavite. Ito ang lumalabas ngayon sa mga pag-aaral nina Dr. Zeus Salazar at Dr. Milagros Guerrero.

Gayon din ayon sa historyador na si Vicente Villan, magaling sa istrategiya si Andres Bonifacio sapagkat binalak niyang simulan ang Himagsikan sa panahong abala ang mga Español sa pakikipag-bakbakan sa mga Moro sa Mindanao. Pinaplano na ang himagsikan na ilunsad sa katapusan ng Agosto nang mabunyag ito.

Ayon kina Milagros Guerrero, Emmanuel Encarnacion at Ramon Villegas ukol kay Andres Bonifacio bilang pinunong militar:

“As commander-in-chief, Bonifacio supervised the planning of military strategies and the preparation of orders, manifests and decrees, adjudicated offenses against the nation, as well as mediated in political disputes. He directed generals and positioned troops in the fronts. On the basis of command responsibility, all victories and defeats all over the archipelago during his term of office should be attributed to Bonifacio.

The claim by some historians that “Bonifacio lost all his battles” is RIDICULOUS.

IV. Mapusok, padalos-dalos, maramdamin, hindi nag-iisip at madali raw mag-init ang ulo

Ang laging iniisip ng mga tao ay mainitin ang ulo at mapusok si Andres Bonifacio. Sa pelikula, kahit na kilalang *action star* si Robin Padilla, nalilimita sa ilang mahahalagang eksena ng pagtawag sa mga mamamayan na maghimagsik ang kanyang pagsigaw at sa mga *fight scenes* (at sa Tejeros Convention kung saan kahit tinanggap niya ang kanyang pagkatalo sa pagkapangulo ay ininsulto naman ang kanyang pagkatao na walang pinag-aralan). Ipinakitang siya ay laging mahinahong magsalita. Gayundin nakikita siyang nagsisimba at rumerespeto sa altar (bilang mason, pinaparatangan siyang ateo pero siya talaga ay may paniniwala sa Diyos ayon sa kanyang Dekalogo), at may mga eksenang siya ay nagsusulat ng tula at nag-iisip. Ito ay nararapat ayon sa testimonyang pinagpasa-pasa sa mga kamag-anakan ng Pangulong Bonifacio na hindi mainitin ang ulo ni Bonifacio. Makikita mo siya kapag nagalit kung daw gumagalaw na ang kanyang isang tenga.

Kaya naman nararapat na tingnan: Kung bobo si Bonifacio, paanong ang kanyang samahan na Katipunan ay hindi nalimita sa Timog Katagalugan, kundi nagkaroon ng mga hukuman sa maraming lugar sa bansa? Kung mapusok at hindi nag-iisip at sugod lamang ng sugod si Bonifacio, paano napanatiling lihim ang samahan sa loob ng apat na taon sa kabila ng pagdami ng mga kasapi?

V. Tinawag daw ni Bonifacio ang sarili na hari

Ayon kay Emilio Aguinaldo, sa kanyang “Mga Gunita ng Himagsikan,” ang titulo raw ni Bonifacio sa Katipunan ay “Haring Bayan.” Inulit-ulit niya ito sa kanyang akda. Para sa ilang historyador, ito ang ikinabagsak ni Bonifacio. Na siya ay arogante. Nagpaturing na hari, kaya naman itinumba.

Lumilitaw na hindi monarkiya ang nais ni Bonifacio kundi isang demokrasya. Kung nagharian talaga siya, sana hindi na siya pumayag sa isang halalan. Ang istilo ni Bonifacio ay konsultatibo, lalo’t ang katagang “Haring Bayan” ay nangangahulugang ang bayan ang hari, o sa Ingles, “sovereign people.” Sinipi ni General Santiago Alvarez ang pakahulugan mismo ni Bonifacio:

...na mula sa Ktt. Pamunuan ng Katipunan, hanggan sa kababa-babaan, ay nagkakaisang gumagalang sa pagkakapatiran at pagkakapantay-pantay; namumuhunan ng dugo at buhay *laban sa Hari*, upang makapagtatag ng *sarili at malayang Pamahalaan*, na sa makatwid, ay *mamahala ang Bayan sa Bayan, at hindi ang isa o dalawang tao lamang.*

Sa sulat-kamay mismo ni Apolinario Mabini, sinasaad ng isa sa naunang borador ng *Reglamento de la Constitucion del Gobierno Revolucionario* noong 23 Hunyo 1898, ang *organic act* ng pamahalaan matapos na iproklama ang Kasarinlan, na:

Ang Atasan Tigalagda (Gobierno Dictatorial) buhat n̄gayon kun turan ay Atasan panghihimagsik (Gobierno Revolucionario) na ang tunay na nais ay ang pakikidigma n̄ upang matiwalag itong Filipinas hanggang sa m̄ga ibang Kaharian sampo n̄ España ay kanilang kilalanin ang pagkahiwalay at ihanda sa bayan ang b̄gay na kakailan̄ganin ng upang matatag ang tunay na **Haring bayan (Republica)**.

Samakatuwid, hindi tao ang haring bayan kundi ang bansa at mga mamamayan na sa kanyang pakahulugan ay siyang tunay na may hawak ng kapangyarihan. Nililiwanag sa pelikula na kailangan ang bayan ang minamahal ng mga pinuno at hindi ang kanilang sarili lamang at ang kanilang pamilya.

VI. Limitado raw ang kanyang tanaw sa pagkabansa

Nang lagdaan ni Andres Bonifacio ang kanyang mga dokumento bilang Pangulo ng Haring Bayang Katagalugan, ayon sa ilang historyador, tila hindi pambansang pangulo ang intensyon ng kanyang posisyon kundi lokal lamang na pinuno siya ng Katagalugan. Tulad marahil ng mga *presidentes municipales* noon. Pangulo din ang mga iyon. Pero ano nga ba ang layunin ng Katipunan ayon sa Kartilya ng Katipunan na siyang sinulat ni Emilio Jacinto?

Ang kabagayang pinag-uusig ng katipunang ito ay lubos na dakila at mahalaga; papagisahin ang loob at kaisipan ng lahat ng tagalog sa pamagitan ng isang mahigpit na panunumpa, upang sa pagkakaisang ito'y magkalakas na iwasak ang masinsing tabing na nakabubulag sa kaisipan at matuklasan ang tunay na landas ng Katuiran at Kaliwanagan.*

Layunin ng Katipunan na pagkaisahin ang mga Tagalog. Ito ang nais na palitawin ng pelikula, na bago guminhawa at maging tunay na Malaya ang bansa, kailangan na una, magkaisa ang mga Tagalog, at magkaroon ng matuwid na kaluluwa at maliwanag na kaisipan. Ngunit paano ang mga taong nasa ibang bahagi ng Pilipinas? Kung titignang mabuti, may *asterisk* ang salitang "tagalog" na may katumbas namang *footnote* ng dokumento:

*Sa salitang tagalog katutura'y ang lahat nang tumubo sa Sangkapuluang ito; samakatuwid, bisaya man, iloko man, kapangpangan man, etc., ay tagalog din.

Samakatuwid, nang itinatag ni Bonifacio ang pamahalaang mapanghimagsik, ang intensyon ng "Katagaluugan" ay PAMBANSA. Sa pagkilala sa pinanggalingang kabihasnang pandagat ng kanyang bayan, tinawag niyang Katagalugan ang kanyang bayan batay sa ugat ng katagang "taga-ilog."

Samakatuwid, kung si Bonifacio ang Pangulo ng Haring Bayang Katagalugan, masasabing siya ang Pangulo ng Pamahalaang Mapanghimagsik, ang unang pambansang pamahalaan sa Pilipinas.

VII. Walang ebidensya na mayroon siyang gobyerno kaya hindi siya pwedeng maging Pangulo

Unang itinaya nina Dr. Milagros Guerrero, Emmanuel Encarnacion at Ramon Villegas ang kanilang reputasyon noong 1993 nang kanilang ipanukala batay sa ilang mga ebidensya na si Andres Bonifacio ang Unang Pangulo ng Pilipinas.

Ayon kay Jasmine Curtis-Smith sa pelikula, kaya naging unang pangulo si Bonifacio ay dahil sa pagpunit niya ng sedula noong Unang Sigaw sa Balintawak noong Agosto 1896, ay ipinahayag ni Bonifacio ang ating kalayaan. Ito ay magandang kaisipan na maaaring tanggapin ng bayan bilang “common sense” ngunit para sa maraming historyador, hindi sapat ang katotohanang ito, kailangan ng ebidensya. At sa matagal na panahon, walang masyadong dokumento na nagpapakita na tumakbo bilang pamahalaan ang pamunuan ni Bonifacio.



“Ang kinabukasan ng mga susunod na henerasyon ay bahagi ng ating responsibilidad. Tayo ang may kakayahang lumaban. Tayo ang makapagbibigay ng kalayaan na nararapat sa kanila.” - *Tandang Sora, Ina ng Rebolusyon*

#BonifacioAngUnangPangulo
#TayoAngKatipunan

Ngunit tama rin ang sagot ni Eddie Garcia, hindi lamang nasusukat sa pagpunit ng sedula ang pagiging Unang Pangulo, tsaka nagtungo na ito sa eksena nang pamumuno niya bilang kumander sa Labanan sa Pinaglabanan noong madaling araw ng 30 Agosto 1896.

Dahil nga pelikula, sa ganitong paraan na lamang ipinakita ang pamumuno ni Bonifacio. Mahirap nga naman na iharap pa ang mga bagong pag-aaral at ebidensya sa kanyang pagkapangulo dahil hindi naman ito dokumentaryo.

Anuman, maganda na ipinakita ng pelikula ang halaga ng nangyari sa Balintawak bilang simula ng pamahalaan ni Bonifacio. Dahil ayon sa mga ebidensya, noong 24 Agosto 1896 sa Bahay Toro, Balintawak, nagpulong ang Kataastaasang Kapisanan sa Kamalig ni Tandang Sora upang pag-usapan ang pagsalakay sa Maynila. Sa pelikula, ipinakitang nagpapatawag ng pulong ang si Bonifacio bilang Supremo o Pangulo ng Katipunan. Ayon sa mga talang pangkasaysayan, isanlibo ang tumungo doon sa Bahay Toro. Paano mo sasabihing walang pamamahala si Bonifacio bilang pangulo? Si Bonifacio ay nagbigay din ng mga ranggo at posisyon sa hukbo sa pulong na iyon. Ito ay isang patunay na sa araw ng pagpopormalisa ng pamahalaang mapanghimagsik, ginawa niya ring hukbo ang Katipunan na kaiba sa dati nitong wangis bilang isang lihim na samahan lamang.

At isang dokumento ang magpapatunay na pagbabagong-anyo ng Katipunan sa araw na iyon mula sa pagiging lihim na samahan tungo sa pagiging isang tunay na *de facto* na pamahalaan. Mayroong borador ng pagtatalaga ni Bonifacio kay Mariano Alvarez bilang pangkalahatang pinuno ng mga hukbong mapanghimagsik sa lalawigan ng Cavite ang natagpuan na may petsang 26 Agosto 1896 sa Kalookan at ganito ang sinasabi.

Ayon sa pinagkaisahan sa ginanap [na] pulong ng Kataastaasang Kapisanan [noong] ikadalawang puo't apat nitong umiiral na buan tungkol sa paghihimagsik (revolucion) at sa pagkakailangang maghalal ng magsisipamahala sa bayan at mag aakay ng hukbo...

Halalan? Magsisipamahala sa Bayan? Hukbo? Mga indikasyon na itinatag na ang pamahalaan noon pa lamang!

Sa matagal na panahon, mahirap patunayan ang panguluhan ni Bonifacio dahil sa kakulangan ng dokumento hanggang kamakailan, may lumitaw na mga dokumento tungkol sa pamahalaang Katipunan. Humigit kumulang 150 dokumento ng Katipunan na kinumpiska ng guardia civil veterana noong panahon ng rebolusyon ang muling lumantad para sa mga historyador. Nakatago ang mga dokumentong ito sa Archivo General Militar de Madrid (AGMM). Tinipon ang mga papeles na ito ni Jim Richardson, Isang historyador, sinuri niya at inilathala sa kanyang aklat na *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897* (Ateneo de Manila University Press, 2013).

Sa mga dokumentong ito, makikita na ang Katas-taasang *Sanggunian* na pinamumunuan ng Pangulo ay hindi ang pinakamataas na nagdedesisyon, kundi ang Kataas-taasang *Kapisanan* na siya namang binubuo ng mga pangulo ng mga lokal na hukuman o *chapters*. Ito ang ipinatawag noong 24 Agosto 1896. Mayroon din korte ang pamahalaang ito: ang *Sangguniang Lihim*.

Isang linya mula sa pelikulang *El Presidente* ang binigkas ng aktor na gumaganap na Bonifacio sa aktor na gumaganap na Aguinaldo ay ito, “Wala na ang Katipunan sa Maynila... Pero dito buhay pa ang himagsikan sa Cavite.” Ito ay isang malaking pagkakamaling pangkasaysayan. Sapagkat ayon sa mga dokumento mula sa AGMM, isang pamahalaan na tumatakbo sa ilalim ni Bonifacio sa Lalawigan ng Maynila ay ang Mataas na Sanggunian ng Hilagaan kung saan si Isidoro Francisco ang *Mataas na Pangulo*. Nakabase sa Pantayanin, Pasig, ang *Mataas na Sanggunian* na ito ay may hurisdiksyon sa mga

pangkat ng mga Katipon sa mga lalawigan ng Maynila, Morong, Bulacan at Nueva Ecija. Ipinakita ni Richardson ang ilang mga dokumentong AGMM na nagpapakita na tumatakbo ito bilang pamahalaan:

1. Isang liham na may petsang 3 Disyembre 1896 mula sa Mataas na Pamunuan na inaatasan ang mga balanghay na magtipon sa Pantayanin para sa balak na pagsalakay sa Pasig noong 11 hangaang 12 Disyembre.
2. Isang liham na may petsang 8 Disyembre 1896 mula kay Emilio Jacinto para kay Isidoro Francisco na nagbibigay ng instruksyon para sa pangangalaga ng pulbura at pamimigay ng mga baril lamang sa mga taong tapat sa pakikibaka at iba pang paghahanda para sap ag-atake sa Pasig.
3. Isang liham na may petsang 12 Disyembre 1896 mula kay Andres Bonifacio, na noon ay nasa Cavite na, sa Mataas na Sanggunian ng Hilagaan ukol sa mga nawawalang baril at sa prosekusyon ng mga taong kumuha nito, at pagbati sa kanila sa kanilang pagtulong sa pananagumpay ng Katipunan sa Antipolo, pagpapatibay sa ginanap na halalan ng mga opisal military, at iba pang mga usapin.
4. Isang liham na may petsang 15 Disyembre 1896 mula sa Mataas na Sanggunian na nagpapatid sa mga balanghay na dumalo sa pulong upang maghalal na anim na kasapi ng sanggunian na may kalakip na resulta nang naganap na halalan noong 14 Disyembre.
5. Isang katitikan ng pagpupulong ng Mataas na Sanggunian na may petsang 18 Disyembre 1896 na pinangunahan ng Kataastaasang Pinunong Hukbo Emilio Jacinto ukol sa paghahanda para sa napipintong pagsalakay sa Pasig.
6. Isang liham na may petsang 23 Disyembre 1896 mula kay Emilio Jacinto para sa Mataas na Sanggunian ng Hilagaan na humihiling sa pagpapalaya sa isang maysalang Katipon at nagtatanong ukol sa mga dekurjenteng mga baterya at ng kanyang balak na subukan ito gamit ang mga dinamita.
7. Isang sulat na humihingi ng mga donasyon na isinulat bandang Disyembre 1896 mula sa Mataas na Sanggunian, na ipinakikilala ang kanilang sarili bilang bahagi ng "Haring Bayang Katagalugan."
8. Isang katibayan ng pagbibinyag ng isang nagngangalang Patrisia, 23 Pebrero 1897 na pinangunahan ni Julio Nakpil at dinaluhan bilang mga saksi nina Jacinto, et.al.
9. Isang katibayan ng pag-iisang dibdib nina Geronimo Ignacio at Julia Saguisag, Pebrero 1897 na pinangunahan ni Julio Nakpil at dinaluhan bilang mga saksi nina Jacinto, et.al.
10. Borador ng dokumento ng pagtatalaga ng Mataas na Sanggunian ng Hilagaan kay Felicisimo Frinza bilang piskal ng Binangonan, Morong Draft na may petsang Pebrero 1897, sa bias ng kapangyarihang ibinigay sa kanila ng "Kataastaasang Pang Ulo ng Haring Bayang Katagalugan."
11. Isang liham na may petsang 11 Abril 1897 mula kay Emilio Jacinto para kay Julio Nakpil na humihingi ng balita ukol sa mga armas na magmumula sa Hapon o Hongkong.
12. Isang liham na may petsang 18 Setyembre 1897 mula sa Mataas na Sanggunian na humihingi ng donasyon na pirmado ni Julio Nakpil mula sa Sta. Ana, na may malapit sa Intramuros, apat na buwan matapos ang pagpatay kay Bonifacio!

Sa kabila ng kakulangan sa mga nailigtas na dokumento, ang iilan na natira sa AGMM, at ng mga nalabing palitan ng liham nina Bonifacio at Jacinto na nasa Koleksyong Emmanuel Encarnacion, ay sapat nang ebidensya upang malinaw na ipakita ang isang tumatakbong pamahalaan, na may hurisdiksyon sa mga lugar na hawak ng Katipunan, at nakikipag-ugnayan pa rin sa Kataas-taasang Pangulo nito na si Andres Bonifacio, kahit sa mga panahon bago ang kanyang pag-aresto sa Cavite, at sa katunayan tumatakbo pa matapos ang kanyang pagkamatay na malaya mula sa abot ng pamahalaan ni Aguinaldo. Ito ang pagbubuod ni Jim Richardson sa bagay na kitang-kita na batay sa mga dokumento:

...in late 1896 and early 1897 the High Council did function as a form of local government in some areas, particularly to the East of Manila and in the Sierra Madre foothills. Its leaders both civil and military, organized elections, made appointments, planned and fought battles with the Spanish enemy, solicited funds for the revolutionary cause, and tried to deal with the consequences of the fighting on the civilian population.

Samakatuwid, tama ang pamagat ng pelikula, Pangulo si Bonifacio, ang Unang Pangulo ng unang pamahalaang pambansa sa Pilipinas.



VIII. Wala raw papel ang kababaihan sa Himagsikan

Sa pelikula, ipinakita ng malinaw ang papel ng kababaihan sa himagsikan. Ang pag-aaruga ni Melchora Aquino o Tandang Sora sa mga tumungo sa Bahay Toro sa Unang Sigaw. Sa mga tala, pinakain niya ang isang libong tao sa kanyang pagbubukas ng kamalig at pagpapakatay sa kanyang mga hayup. Ganun siya kayaman at ganun kamapagbigay. Gayundin makikita sa mga eksena ni Vina Morales bilang si Gregoria de Jesus o Oriang na malayo sa pagiging “Maria Clara” na mahina at susunod-sunod lamang ang Lakambini ng Katipunan. Nakita itong nagnanais na igiit ang pag-iibigan nila ni Andres (Na ginawa niya nang pagbawalan siyang makita si Andres ng mga magulang, sinulatan niya ang gobernadorcillo ng Tondo na nagsusumbong dito at nagpapakita nang pagnanais na pakasalan si Andres). Ipinakita rin si Oriang na sumasapi sa Katipunan dahil may sangay ng kababaihan ang samahan. Hindi matatawaran ang pagganap dito ni Vina Morales dahil nagbigay hustisya ang karakter sa katauhan ni Oriang.

IX. Creative License vs. Historical Blunder


Kailangang maintindihan ng lahat na hindi maaaring ulitin ang kasaysayan bilang isang pangyayari. Ang kahit anong makasining na paglalahad ng isang pangyayari sa nakaraan ay isang interpretasyon ng manlilikha ng sining batay sa mga dokumento. Kaya naman sa mga pelikulang pangkasaysayan, hindi maiiwasan na may mga kailangang idagdag na kwento o mga karakter at eksenang kailangang bawasan lalo at ang oras ng pelikula ay limitado. Ito rin ay upang mapaganda ang kwento at mabuhay ang mga emosyon ng mga tao na kung dokumento lang ang pagbabatayan, lalo kung kulang-kulang at patse-patse, ay hindi magiging kaiga-igaya sa mga manonood. Ang tawag dito ay *creative* o *artistic licenses*.

Creative license na maituturing ang eksena kung saan nakita ng batang Bonifacio ang paggarote sa tatlong paring martir. Sa pelikula, nakuha ni Bonifacio ang panyo ni Padre Burgos at ito ay tangan-tangan niya hanggang sa kanyang pakikibaka. Walang nakatala na ganitong pangyayari. Batay lamang ito sa dalawang probabilidad: walong taong gulang na si Bonifacio nang bitayin ang GomBurZa, at ang kahalagahan ng GomBurZa sa mga dokumento ng Katipunan na nasa AGMM. Mayroon pang ritwal na ginagawa na kaugnay ng GomBurZa na nagpapaalala sa mga kasapi na kailangan silang ipaghiganti, at mayroong salaysay si Emilio Jacinto ukol sa mga pari.


Isa pang *creative license* ay ang pagkikita nina Rizal at Bonifacio sa kulungan sa pagtatangka ng huli na itakas ang una bago ito ipatapon sa Dapitan noong 1892. Walang rekord na nangyari ito.

Tinatawag ang mga ganitong eksena na *composite scenes*. Alam natin na may ugnayan ang ilan sa mga kapatid ni Rizal at si Bonifacio, naging mga kasapi pa nga ng Katipunan. Alam natin na ipinadala ni Bonifacio si Dr. Pio Valenzuela upang kausapin si Rizal ukol sa himagsikan noong 1896. Mayroong ding dalawang beses na tinangkang patakasin ng Katipunan si Rizal, noong unang kay Emilio Jacinto na tinaggihan naman ni Rizal at ang pangalawa ay nang babarilin na si Rizal na napigilan lamang ng kapatid ni Rizal na kasapi ng Katipunan na si Paciano. Kaysa sa ipakita lahat ng eksena na ito, ipinakita na lamang ang diwa na ito sa iisang eksena—na sina Bonifacio at si Rizal mismo ang nagkaugnayan.

Nang banggitin din ni Bonifacio kay Rizal na mayroon na siyang “mga kasama” bago ang pormal na pagtatag ng Katipunan noong 7 Hulyo 1892, ito ay may batayan sa katotohanan. Sapagkat bago pa man ang 7 Hulyo, mayroon nang mga dokumento ang Katipunan na pinamagatang “Casaysayan,” isang saligang batas na nagpapakita ng mga layunin at ng istruktura ng tinatawag na “Kataastaasang Katipunan Enero pa lamang ng 1892, pitong buwan bago pa ito itatag.



Sabi ng ilan, bakit tatahi-tahimik lamang si Emilio Aguinaldo sa pelikula at tila parang naging *safe* ang pelikula ukol sa tunay na papel ni Aguinaldo sa pagkapaslang kay Bonifacio. Sa aking palagay, tama lamang ang pagganap, kilalang tahimik lamang si Aguinaldo at ayon sa mga dokumento, ayaw niya talagang ipapatay ang magkapatid bagama't sa huli, ayon na rin sa kanyang pag-amin, ay pinahintulutan niya rin ito. Kung ipakikitang masyadong masama si Aguinaldo, ano pa ang kaibahan nito sa *El Presidente* na ayos na sana dahil *obvious* na sa *punto de vista* naman ni Aguinaldo pero sobra namang pinagmukhang masama si Bonifacio. Hindi nalilihis ang mga eksenang Aguinaldo sa historikal na katotohanan sa pelikula ni Enzo Williams.



“Buhay ang aking inalay para ipaglaban ang ating bayan. Ikaw, anong kaya mong gawin para sa Inang Bayan?”

#BonifacioAngUnangPangulo
#TayoAngKatipunan

Gayundin, bagama't may dalawang bersyon ang nagsasabing nanguna sa pagpatay kay Bonifacio na si Lazaro Makapagal na binaril daw nila si Bonifacio at ang kanyang kapatid, naniniwala ang ilang miyembro ng angkan ni Bonifacio sa sinasabi ni Heneral Guillermo Masangkay na malapit na kaibigan ni Bonifacio at ng kanyang pamilya, na mayroong dalawang kasama sa pagpatay kay Bonifacio na nagsabi sa kanya na si Procopio ay binaril, ngunit si Andres ay tinaga hanggang mamatay upang hindi masayang ang bala. Ito po ang pinagbatayan ng *death scene* sa pelikula.

Ngunit mas mahalaga pa sa kung paano namatay si Bonifacio ay ang kahulugan ng kanyang kamatayan. Sa mga bundok ng Maragondon noong araw na iyon, namatay kasama ni Bonifacio ang kanyang pangarap at hinirayang bansa na may Kapatiran, Mabuting Kalooban, Kaghinawaan at Tunay na Kalayaan. Napalitan ito ng pamamayani ng demokrasyang elit na hanggang ngayon ay patuloy na naghahari sa bayan kung saan marami sa pinuno ang kanilang konsepto ng bansa ay ang pagpapalitan sa

kapangyarihan at hindi pa naisasakatuparan ng buo ang kalooban ng bayan. Ipakita natin sa mga kabataan na may taya sila upang ipagatuloy ang rebolusyon, ang kinabukasan nila at ng kanilang mga anak para sa mas maginhawang bayan.

Ang *creative license* ay hindi maiiwasan. Ang kailangang *iwasan* ay ang *historical blunder*. Ang pagmukhaing masamang tao si Bonifacio, iyon ang *historical blunder*. Hindi kailangang pag-awayan ang mga maliliit na detalye na napalitan kung ang buong pelikula naman ay nagbibigay naman nang malinaw na mensahe.

Samakatuwid, gamit ang mga paglilinaw na ito na historikal, mas lalong magiging epektibo sa pagtuturo ng kasaysayan sa mga kabataan ang pelikulang *Bonifacio: Ang Unang Pangulo* tungo sa pagbibigay ng saysay sa kasaysayan para baguhin ating kasalukuyan at sa paglilinaw sa tunay na papel ni Bonifacio sa ating bayan: Ang lumitaw sa pelikula ay hindi ang bobong taksil na namayani sa matagal na panahon sa mga akademiko. Naramdaman at nabuhay sa maraming tao si Bonifacio bilang isang bayani at bisyunaryo na Ama ng Sambayanang Pilipino.

Sapagkat kung may hindi kayang gawin ang isang historikal na akda, ito ay ang patibukin ang puso ng mga karakter at muling buhayin ang mga pangyayari sa isang paraang kasamang titibok ang puso at damdamin ng mga manonood.

9-26 January 2015.